**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**NEWS AND INFORMATION BUREAU**

# PUBLIC BRIEFING
# #LAGINGHANDAPH
# JUNE 14, 2022 | 11:00 A.M. – 12:05 P.M.

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga sa lahat ng mga Pilipino saan mang panig ng mundo! Ako po si USec. Rocky Ignacio.

Mula sa posibilidad na itaas sa Alert Level 2 ang NCR hanggang sa COVID-19 situation sa buong bansa, kasama na rin po ang COVID-19 situation sa probinsiya ng Quirino at ang mahahalagang impormasyon at update sa Balik-Probinsiya Bagong Pag-asa Program ng pamahalaan, iyan po ang ating pag-uusapan ngayong araw dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Ayon po sa Department of Health ay posibleng itaas sa Alert Level 2 ang NCR kung magpapatuloy pa ang uptick ng COVID-19 cases dito. At kaugnay niyan, alamin natin ang iba pang detalye at updates sa COVID-19 cases situation sa National Capital Region at sa buong bansa. Makakasama po natin si Dr. Guido David ng OCTA Research.

Magandang umaga po, Professor David!

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, magandang umaga, USec. Rocky at saka sa mga nanonood at nakikinig sa atin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa inyo pong tweet last week, sinabi po ninyo na ang COVID-19 situation sa NCR ay more concerning. Ano naman po ang masasabi ninyo sa latest COVID-19 situation ng NCR ngayong linggo?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, USec., more concerning na nga siya kasi noong mga nakaraan na linggo, tumataas iyong bilang ng kaso pero bahagya lang ang itinataas, 10% ang itinataas kada linggo.

Ngayon, the past week, 53% na iyong itinaas. From 10% to 53%, so, iyong seven-day average ng bilang ng kaso [ay] tumaas from 86 to 131 cases per day tapos iyong reproduction number sa NCR ay nasa 1.59[%] na. Iyong positivity rate [ay] tumataas din, nasa 2.7% iyong positivity rate sa testing at iyong healthcare utilization at bahagyang tumataas rin.

Pero sa ngayon, ang nakikita natin na patuloy ang pagtaas ng bilang ng kaso at medyo bumibilis pa siya sa Metro Manila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nitong Lunes, naitala po natin ang daily cases na more than 200. Kapag po sinabi ninyo na iyong possibility na magkaroon ng pagtaas, sinabi ninyo nga [na] tumaas ng almost 50% po, mga ilan po ang aabutin kada araw po ang posibleng itaas na?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, sa NCR, USec., posibleng umabot—Ayun nga, nasa 188 tayo kahapon sa NCR, posibleng tumaas pa iyan to two to three hundred. In fact, ang projection namin by end of June [ay] baka umabot na siya ng mga four to five hundred.

So, medyo bumibilis iyong pagtaas ng bilang ng kaso kasi dati nasa mga 65 cases lang tayo per day tapos baka umabot na siya ng mga four hundred to five hundred by end of June. So, bumibilis rin talaga iyong pagtaas ng bilang ng kaso, USec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nito ngang nakaraang linggo rin ay tumaas iyong seven-day average ng new cases sa NCR pati na rin po itong hospital bed occupancy. Ulitin lang po natin, ano daw po iyong update dito ngayong linggo, Professor?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, iyong hospital bed occupancy [ay] medyo consistent siya, I mean, hindi siya masyadong tumaas sa the past few days so it's 23% and 18% iyong ICU occupancy.

Pero iyong ibang indicators, iyong positivity rate [ay] tumaas from 2.2% to 2.7% in just one week at saka iyong ADAR (Average Daily Attack Rate) natin ay malapit na ring tumaas [sa] more than one [percent] sa Metro Manila.

So, talagang—Sa ibang indicators [ay] nakikita natin, USec., [na] talagang tumataas.

**USEC. IGNACIO:** Professor Guido, may tanong lang iyong ating kasamahan sa media. Mula po kay Ivan Mayrina ng GMA News: Given daw po the current numbers and trends, is NCR ripe for escalation for Alert Level 2 or if not, when do you project the numbers to hit the levels to necessitate this?

**DR. GUIDO DAVID:** USec., at this time, nasa Low Risk [Classification] pa tayo sa Metro Manila, Green [Alert] pa siya pero by next week we're projecting nasa Moderate Risk [Classification] na tayo, Yellow [Alert].

So, nasa projections din iyan. So, kumbaga, iyong current situation natin [ay] hindi pa naman siya nangangahulugan na magtataas tayo ng alert level pero this is a possibility within the next few weeks. Of course, decision iyan ng Department of Health at ng Inter-Agency Task Force.

Pero, USec., I'd also like to add na after two years of the pandemic, malaking bagay na rin dapat iyong personal responsibility. Meaning, iyong mga kababayan natin, more or less dapat alam na natin kung ano iyong risks ng COVID[-19]. And kung tumataas iyong cases, nasa mga kababayan din natin iyong choice kung lalabas sila o hindi.

Kunyari, vulnerable sila at high-risk sila, siyempre, poprotektahan nila dapat ang sarili [nila] or kung may mga kababayan tayo [na] may elderly, protektahan din natin sila. So, iyon nga, iyong personal responsibility, sa tingin ko at this time after two years of the pandemic, more or less dapat medyo alam na rin natin.

**USEC. IGNACIO:** Professor, sinabi ninyo na posibleng mapunta na nga tayo sa Moderate Risk [Classification] sa mga susunod na linggo pero kapag po nagtuloy-tuloy itong nasa Moderate

[Risk Classification] tayo, sabi ninyo nga po, hindi naman agad na puwedeng mabago itong alert level, pero iyong possibility na iyon po ang maging trend, na talagang nandito tayo sa Moderate [Risk Classification], mag-a-Alert Level 2 na po tayo?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, again, USec., decision [iyan] ng IATF and the Department of Health but this is a possibility na magtaas ng alert level. At the minimum, baka kakailanganin ng government na bawasan iyong capacities sa public transportation or sa indoor establishments para lang at least lumuwag nang kaunti at hindi masyadong siksikan iyong mga tao sa mga establishments.

So, ito iyong maitutulong ng pagtaas ng alert level although of course may mga nagsasabi na iyong alert level kapag itinaas natin ay malaki ang magiging epekto nito sa ekonomiya. So, iyon ang ginagawa ng ating Inter-Agency Task Force, it's balancing between iyong economy and iyong public health. So, definitely, iyon nga, iyong capacity sa mga establishments [ay] may possibility na babawasan nila iyong capacities.

**USEC. IGNACIO:** Iyan nga po iyong sunod na tanong mula po kay Patrick de Jesus ng PTV: Sang-ayon po ba kayong bawasan iyong capacity sa public transportation at mag-implement ulit ng flexi-work arrangement to control again the movement of people dahil sa nakita pong bahagyang pagtaas ng COVID-19 cases sa NCR? Ganito rin po iyong tanong ni Ivan Mayrina ng GMA News: Does this mean that public transport is a main driver of transmission that we are currently seeing?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, USec., iyong sa public transportation, medyo kulang iyong datos natin para masabi talaga pero definitely it's a possibility lalo na kung hindi sumusunod sa health protocols iyong mga nakasakay sa public transportation. So, kung dikit-dikit ang mga tao tapos hindi pa sila naka-facemask, it's a risk for superspreader transmission.

Ngayon, USec., iyong sa flexi-work schedule, I agree na siguro baka puwedeng i-hold-up muna iyong pagbabalik ng mga tao sa work-from-home schedule. Nabalitaan ko kasi [na] sa June 15 [ay] marami ng mga work-from-home sa offices ay babalik na sa onsite iyong work. Pero baka puwedeng i-reconsider ito ng ibang mga offices para at least mabawasan din iyong capacity sa offices, siguro, mag-work-from-home sila. At makakatulong din ito sa mga kababayan natin dahil mataas iyong pamasahe, mataas iyong fuel prices at iyong work-from-home will help them save money.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Professor, papaano itong face-to-face classes? Ano po ang nararapat na gawin dito? Kasi nga po itong flexi-work arrangement ay mayroon [na] tayo pero may nagsusulong na po na magkaroon na po tayo ng face-to-face classes?

**DR. GUIDO DAVID:** Magandang tanong iyan, USec. Siguro, mainly I'll defer this to the Department of Education. On one hand, iyong mga kabataan natin, iyong mga bata, iyong mga estudyante, two years na silang walang face-to-face classes and this affects productivity in the long run. So, mayroon din itong mga downside din, kapag masyado nang matagal na walang physical interaction.

But that being said, iyong timing kasi na medyo tumataas iyong cases, it depends. I think, kung August iyong face-to-face classes magsisimula, I'm expecting by that time [ay] tapos na itong possible surge na nakikita natin ngayon. So, it depends sa timing. Pero kung mga June na sila mag-start, baka puwedeng at least i-pushback nila siguro mga one month or so. At least, that's my personal suggestion pero kung hindi naman, siyempre we should have the proper protocols in place to protect iyong mga estudyante natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito pong Quezon City ay itinaas sa Yellow Alert, ibig sabihin, kailangang paghandaan iyong posible pong pagkakaroon ng surge. Iyon po ba iyong ibig sabihin nito? And aside Quezon City, ano pa po iyong nakikita natin dito sa NCR na iyong possibility na dapat ay nasa Yellow Alert na po?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, Usec. Rocky, nakita rin nga namin na parang nasa moderate na iyong Quezon City. So, kapag yellow parang katumbas niyan ay moderate risk. And iyong buong Metro Manila, nabanggit ko kanina, baka tumaas na to moderate risk by next week.

As of now, Quezon City, City of Manila, Makati, Parañaque sila iyong mga medyo nandoon na sa yellow – sa nakikita ko.

So, susunod na rin iyong mga ibang LGUs sa Metro Manila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. May pahabol lang pong tanong si Carolyn Bonquin ng CNN Philippines: May we get more details po from Professor David. How will the workers' return to office impact the COVID cases?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, Usec, siyempre kapag mas maraming tao ang nasa labas at nagkukumpulan lalo na sa offices, medyo mataas iyong transmission sa offices. Iyon ang alam natin based on previous data kasi iyong nga taong nasa offices, buong araw silang nandoon and sometimes they have lunch together or they have lunch in indoor ventilated places. So, medyo makaka-affect talaga iyan sa numbers.

So, if we want to at least help control iyong rising numbers, iyong flexi work hours sa mga office workers would be one part na makakatulong talaga.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nag-issue po last week si Cebu Governor Gwen Garcia ng executive order na puwede nang hindi magsuot ng face mask sa Cebu basta nasa well-ventilated open spaces, ano po ang masasabi ninyo dito?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, Usec, tinitingnan ko iyong numbers ng Cebu. At this time they are still at low risk. Mababa iyong positivity rate sa Cebu, it's less than 1% at mababa rin iyong healthcare utilization.

So, mababa pa iyong numbers nila. But we don't know kung mananatili na ganito iyong numbers, kasi especially with the rising cases sa NCR, only a matter of time na baka makapasok iyon sa Cebu, itong increase in cases. And you know, we should be able to recalibrate then iyong mga policies.

Ako, Usec, sinusundan ko lang iyong recommendation ng IATF and ng DILG. Kung ano iyong policy recommendations nila for mask-wearing, doon ako sumusunod, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero kung hindi pa po napapanahon na ipatupad itong no mask in open spaces o sabihin nating optional po ito, kailan po ba natin masasabi na puwede nang ipatupad iyong mga ganitong mandato?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, Usec, para sa akin it's connected doon sa state of public emergency. So, kapag na-lift na ng Pangulo or let's say ng incoming administration iyong state of public emergency, iyon ang senyales na puwede nang hindi masyadong strict iyong pagsunod natin sa mga health protocols.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po ni Alvin Baltazar ng Radyo Pilipinas: Kumusta po ang monitoring ng OCTA sa sigasig ng mga LGUs sa pagbabakuna after noong eleksiyon?

Bumalik na daw po ba iyong aggressiveness na kagaya nang naobserbahan natin bago daw po ng campaign period, lalo't hindi pa rin po ganoon kataas ang mga nagpapa-booster shot?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes. Usec, unfortunately, mababa pa rin iyong booster coverage natin, medyo bumagal talaga iyong vaccine rollout natin.

I think, hindi naman necessarily iyong mga LGUs iyong at fault. Parang wala na lang talaga daw nagpapabakuna sa ngayon. Puwedeng mag-walk-in iyong mga kababayan natin at you know, mabilis lang po na magpapabakuna sila dahil walang mga tao sa vaccination sites.

So, sana siyempre maibalik din natin iyan. Maybe we need more campaigns din to get the vaccinations ongoing. And iyong booster kailangan din natin iyan kasi makakatulong ito, Usec, sa ating wall of immunity, sa protection natin. It could help prevent the surge na parating kung marami ang bakunado at magpa-booster pa tayo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin po ni Alvin Baltazar ng Radyo Pilipinas: Nabanggit po dati na kapag inalis ang public health emergency sa bansa ay hindi magiging libre ang bakuna, paano po gagalaw ang vaccination program ng government kapag nagkaganoon daw po?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, Usec, ang pagkakaintindi ko ay iyon nga, kapag na-lift na iyong public health emergency ay hindi na nga libre ang bakuna, malilipat na siya sa private sector.

So, kung may mga gustong magpabakuna kailangan nang bayaran nila. So, kumbaga ililipat na ng government ito sa private sector.

Iyon iyong pagkakaunawa ko sa arrangement kapag wala nang public health emergency, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, may pahabol lang pong tanong si Red Mendoza ng Manila Times. Babasahin ko na although iyong iba po ay nasagot na ninyo, baka may maidagdag lang po kayo: Sinabi daw po ng Department of Health na maaaring mag-move to Alert Level 2 ang

NCR kung patuloy ang pagtaas ng kaso lalo na sa hospitalization. Nakikita ba ng OCTA ang hospitalization rate na maaaring tumaas?

**DR. GUIDO DAVID:** Usec, tumataas iyong hospitalization rate sa Metro Manila. Medyo mabilis a few days ago pero medyo bumagal sa ngayon. So, we'll continue to monitor the hospitalization rate.

Kapag hindi naman siya to more than 50% ay hindi naman masyadong mataas iyong concern natin na may danger pero at the same time, I think, iyong Department of Health ay mayroon silang metrics kung kailan itataas iyong alert level, and then ang basehan nila, ang isang basis nila ay iyong pagtaas ng healthcare utilization rate.

Kahit wala pa siya sa critical level ay may possibility na itaas ng Department of Health iyong Alert Level 2 depende sa nakikita nilang numbers.

**USEC. IGNACIO:** Iyon pong tanong ni Red Mendoza ng Manila Times: Ilang libong kaso per day sa NCR ang mangyayari if mangyari daw po ang sinasabing 'weak' surge? Posible pa rin po ba ang 2,000 to 3,000 cases across the country?

**DR. GUIDO DAVID:** Usec, posible pa rin iyan, below a thousand cases per day across the country. Sa Metro Manila, we are foreseeing maybe 400 to 500 cases per day sa Metro Manila.

Again, projection pa lang ito, initial projections. We will recalibrate kung magbago iyong trends na nakikita natin kasi may possibility na bumilis pa iyong pagtaas ng bilang ng kaso. Hopefully, hindi na siya umabot ng 1,000 cases per day sa Metro Manila. Pero may possibility pa rin iyon.

**USEC. IGNACIO:** Professor David, kunin ko na lamang iyong mensahe mo at paalala sa ating mga kababayan at sa lahat po ng nanonuod ngayon.

Go ahead po, Professor.

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, Usec. Rocky. Maraming salamat ulit sa pag-imbita.

Para sa mga kababayan natin: Dalawang taon na iyong pandemic, ang virus, hindi pa nali-lift iyong state of public health emergency, pero kailangan pa rin nating mag-ingat kasi nandiyan pa rin iyong virus.

Siguro, sana naman after two years iyong awareness natin to how to live with the virus ay nandiyan para sa ating personal responsibility. Kasi alam na rin natin dapat kung ano iyong kailangan nating gawin and nakita rin naman natin sa mga kababayan natin iyan noong January surge – alam na natin how to live with the virus, paano ingatan ang sarili natin, paano ingatan iyong mga elderly, iyong mga may comorbidities.

And pag-iingat lang talaga, Usec, ang kailangan natin. Iyong mask ay kailangan at sana kahit hindi na tayo pilitin. I mean, 60% ng Filipinos sinabi naman, Usec, kahit wala iyong COVID ay magsusuot pa rin sila ng face mask and malaki rin ang naitulong nitong face mask to prevent

other diseases tulad ng TB, ng flu, even monkeypox may tulong ito, although wala pa ang monkeypox sa bansa natin. Makakatulong itong [pagsusuot ng face mask] sa pagkontrol ng spread ng iba-ibang airborne diseases.

Kaya sana, Usec, patuloy na pagsunod natin sa health protocols, magpabakuna at magpa-booster tayo.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong palagiang pagsama sa amin ngayong umaga, Dr. Guido David ng OCTA Research. Stay safe po.

**DR. GUIDO DAVID:** Thank you, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Ilang araw matapos ipatupad sa probinsiya ng Cebu na gawing optional ang pagsusuot ng face mask ay pinag-aaralan din ngayon ang posibilidad na magpatupad ng ganitong mandato sa probinsiya ng Quirino.

At kaugnay niyan ay makakausap po natin si Quirino Governor Dakila Cua; siya rin po iyong national chairman ng League of Provinces of the Philippines at ang presidente ng Union of Local Authorities of the Philippines o ULAP.

Magandang araw po Governor Dax!

**GOV. DAKILA CUA:** Magandang araw din po, Usec. Rocky at sa lahat ng ating audience. Naimbag nga adlaw kada tayo amin apo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, ano daw po iyong dahilan at bakit ikinokonsidera ninyo – tama po ba ito – iyong pagpapatupad na gawing optional rin itong pagsusuot ng face mask outdoors?

**GOV. DAKILA CUA:** Yes, USec. Rocky. Mayroon tayong kasabihan kasi that luck favors those who are prepared at nakikita po kasi natin na dito sa new normal, magandang paghandaan, maaga man o hindi ang mga pangyayari sa ating future. So, nakikita kasi namin na baka dapat na nating pag-usapan o pag-aralan at sinimulan na naming pag-usapan sa aming probinsya ang pag-aaral nitong pinapanukala nga o ipinapatupad sa Cebu na optional wearing of face mask.

Nakikita kasi namin na perhaps, there should be dimension or depths to this policy at least doon sa outdoors. Kasi dadating at dadating ang panahon, nakikita po natin na ang pandemya ay huhupa at magiging isang lokal na matter na lang po. So, at least maaga naming pinag-aaralan na kapag ito ay nasa poder na po ng ating mga lokal na pamahalaan o sa aming lalawigan ay nakahanda kami sa mga polisiya na nag-a-adjust at magiging mas convenient para sa aming mga kababayan sa lalawigan ng Quirino.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor Dax, isunod ko na po iyong tanong mula sa ating kasamahan sa media. May tanong po sa inyo sa Carolyn Bonquin ng CNN Philippines. Will this push through, if the next President decides to still place the country under Public Health Emergency for another year?

**GOV. DAKILA CUA:** Ma'am Rocky, it will depend kasi on our experts. Kami naman po sa lalawigan ng Quirino, we want our decision to be based on science and data 'no. Kami ay naniniwala na dapat ma-define natin ang safety levels. So, nag-research din po tayo at nakita naman natin iyong mga –that came from other international bodies like the CDC and the WHO at pina-factor natin lahat ng data.

So, kung sakali mang i-extend ng ating susunod na Pangulo or President-elect Marcos ating state of public health emergency. I see no problem na baka naman pag-aralan din talaga nila, whether there should be changes in the policy. So, again, it is just a call and it is just a study na pag-aralan natin. Baka naman tama iyong data na magkaroon ng kaunting adjustments doon sa mga outdoors na maluwag naman at hindi kumpul-kumpol ang tao. Pwede na nating buksan na walang face mask, if the risk is manageable or very, very low.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero iyan po ay parang ikonsidera rin po ninyo sa harap din po ng mga balita ngayon ng paglabas po ng datos na nagkakaroon po ng uptick o bahagyang pagtaas ng kaso dito sa National Capital Region. Ano po iyong magiging impact naman sa inyo ng mga ganitong datos na lumalabas po ngayon na sinasabing one to two weeks, hanggang sa susunod na mga linggo ay sinabi po ng OCTA iyong posibilidad na talaga pong magiging moderate risk na po tayo?

**GOV. DAKILA CUA:** Yes, Ma'am Rocky 'no. We do understand that risk, pero tulad nga ng sinabi natin, pinag-aaralan pa lang natin eh. And I think iyong pag-aaral naman, hindi dapat iyan hihinto whether naga-upsurge tayo o nagda-downsurge. We can always keep the study alive, so that we are always prepared for the eventuality, kung huhupa man ang cases o aangat, alam natin ang gagawin natin.

I think ang kailangan nating pag-usapan dito sa ating bayan, ma'am ay kung hindi kailan magre-relax kung hindi ano ang hinahanap nating senyales 'no. Ilang kaso or dapat ba may kaso sa bawat region para matawag na epidemic or pandemic dito sa ating bansa or kapag ba isang region na lang ang may kaso eh, tatawagin pa ba natin siyang malawakang pandemic o epidemic dito sa ating bansa?

Kasi, kung ganoon ang mangyayari, then we will keep finding these signals or data or senyales para alam na natin how to adjust. Kasi, eventually, doon din po talaga tayo pupunta 'no. We need to be (garbled) and context specific.

**USEC. IGNACIO:** Governor Dax, bilang chairman po ng League of Provinces of the Philippines. Mayroon po bang iba pang LGU na nagparating din sa inyo na tila gusto rin na po nila na gawin na ring optional itong pagsusuot ng face mask, basta lang po provided dito sa well-ventilated spaces?

**GOV. DAKILA CUA:** Alam ninyo, Ma'am Rocky, hindi pa talaga namin napag-uusapan. But I look forward, kasi itong Biyernes po, mayroon kaming gaganapin na term-ender meeting at sana doon, plano ko rin pong makipagkwentuhan at makipagtulungan sa aming kasamahan kung ano ang kanilang pananaw dito sa isyu na ito. Pero nakikita po natin na may mga LGUs na nagsasabing pag-aralan man lang, pagusapan, tingnan iyong datos, we asked our IATF to share

the data. Maganda nga po nandiyan iyong OCTA Research na inyong in-interview kanina. Perhaps, they can also share the data para alam din namin how to manage. Syempre naman po kung makakapanganib sa aming mga kaprobinsyahan eh, hindi naman natin ipapatupad iyong ganoong panukala.

But if there are areas na puwede na nating luwagan, halimbawa doon sa mga lugar na talagang kagubatan naman iyong kanilang mga barangay ‘no at hindi naman talaga nagkukumpul-kumpol ang tao doon and yet we will require them to wear face mask every time they are outdoors. Baka naman, there should be more depth to our policy, according to our data.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor Dax, ngayon po ay maganda iyong sitwasyon ng COVID-19 cases sa inyong probinsya diyan po sa Quirino. Can you tell us more about the COVID-19 cases sa inyong probinsya. Papaano po ninyo ginawa ito at ma-maintain na talagang kayo ay mababa ang kaso? Naitala na ba ninyo? Nagkaroon po ba kayo ng zero cases na ngayon?

**GOV. DAKILA CUA:** Sa ngayon po, Ma’am Rocky, we are zero case. Nag-recover po iyong aming iisang kaso, I think yesterday or today. So, as of now, we are zero cases. But sa tingin ko po, ito ay dahil sa disiplina, sa kooperasyon at suporta ng ating mga kababayan at siyempre sa pagod at sikap ng aming mga frontliners at health workers.

So, iyon lamang po, talagang tulungan lang at siguro sa blessing ng Almighty ay kahit paano , we are safe from COVID as of today.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, kumusta naman daw po iyong COVID-19 vaccination status sa Quirino Province? As of now, ilan na daw po iyong nakatanggap ng primary COVID-19 vaccine at ilan na rin na daw po iyong mga nakakuha na ng booster shot?

**GOV. DAKILA CUA:** Ma’am, iyong aming COVID-19 vaccines, I believe is, approximately 90%, iyong booster, iyan po ang talagang medyo mababa as the report ng DOH at ng OCTA, talagang nasa mga 50% up to 60% pa lang ang ating mga boosters ‘no. I think.

**USEC. IGNACIO:** Governor? Oo, nawala sa linya ng ating komunikasyon si Governor Dax Cua, Governor? Okay, babalikan po namin si Governor Dax Cua, aayusin lang po namin ang linya ng komunikasyon sa kanya.

Kasabay po ng pag-akyat ng positivity growth rate ng COVID-19 cases sa Metro Manila. Hinimok ni Senator Bong Go ang publiko na sumunod sa mga ipinaiiral na protocol. Narito ang report.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Balikan po natin si Quirino Governor Dakila Cua.

Governor, paumanhin po kanina, naputol tayo!

Naririnig ninyo na ako, Governor?

**GOV. DAKILA CUA:** Yes po, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Governor, balikan ko lang po iyong tanong tungkol sa vaccination rate sa inyong mga probinsiya, kumusta na po ito?

**GOV. DAKILA CUA:** Sa aming lalawigan po, Usec. Rocky, vaccination is about 90% at ang booster is, iyon nga, medyo mababa, about 50% yata ang aming latest data.

**USEC. IGNACIO:** Bilang kayo po ay newly-elected governor ng Quirino, ano po iyong mga programa na kasalukuyan po ninyong ipinatutupad at iyong mga programa daw pong plano ninyo pang ipatupad sa inyong lalawigan, Governor?

[Okay. Nawala na naman po sa linya ng ating komunikasyon si Governor Dakila Cua, siya po ang Governor ng Quirino Province.]

Samantala, nakausap na ni Defense Secretary Delfin Lorenzana si Chinese Ambassador Huang Xilian hinggil sa napaulat na paglalagay ng boya at paglalatag ng lambat ng China sa entrada ng Ayungin Shoal. Sa aksiyon na iyon ng China, posibleng maapektuhan ang resupply mission ng Armed Forces of the Philippines sa mga tropang naka-assign sa BRP Sierra Madre.

Ang nasabing barko ang nagsisilbing paunang depensa ng Pilipinas sa Spratly [Islands]. Giit ni Defense Secretary Delfin Lorenzana, hindi mapipigilan ng anumang aktibidad ng China ang resupply mission ng Pilipinas para sa ating mga sundalo. Nagpahayag din ang Kalihim ng pagkabahala sa pagbalik ng mahigit isandaang barko ng China sa Julian Felipe Reef.

[AVP]

**USEC. IGNACIO:** Chairperson ng Senate Committee on Sports, Senator Bong Go, hinimok ang pamahalaan na ipagpatuloy ang pamumuhunan sa sports development. Narito po ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Balikan na po natin si Governor Dakila Cua. Governor, pasensiya na po at napuputol po tayo.

**GOV. DAKILA CUA:** Yes, Ma’am. Pasensiya na po.

**USEC. IGNACIO:** Ulitin ko na lang po: [As] re-elected governor po kayo ng Quirino, ano daw po iyong programa na kasalukuyang ipinatutupad at plano pa ninyong ipatupad sa Quirino Province?

**GOV. DAKILA CUA:** Ma’am, siyempre, iyong ating continuous development ng health programs at health facilities; ang ating promotion ng mga tourist destinations, kaakibat po iyan ng aming livelihood and hanapbuhay program sa aming lalawigan.

Siyempre, iyong ating education and scholarship; pagpapatibay ng ating university – ang university po namin at pati na rin ng DepEd School Divisions sa aming lalawigan ay pinipilit naming makipag-ugnayan sa ibang bansa, katulad po iyong Lesson Study na technology na ginagamit sa Singapore at Japan sa mode of instruction dahil ang gusto namin, ang Quirino will be global ang approach ng aming education.

Tapos siyempre, good governance; public infrastructure; water systems at higit sa lahat [ay] gusto naming pagtuunan iyong hanapbuhay, specifically sa agrikultura. So, ang ating farmers po ang main focus ng ating susunod na administrasyon sa Quirino.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, nakita ko po iyong mga tourist destination ninyo sa Quirino. Doon po sa mga nagbabalak pumunta sa inyo na mga turista, ano po iyong mga requirements, mayroon po ba? Go ahead, sabihin ninyo po at imbitahan ninyo po sila na pumunta sa inyo.

**GOV. DAKILA CUA:** Ma'am, medyo ano na po kami, medyo open na open na kami sa mga turista. Nandiyan na po iyong aming mga wakeboarding, whitewater rafting, spelunking at siyempre, may bago ho tayong paragliding sa ating lalawigan na pino-promote na natin. At hinihikayat natin ang ating mga kababayan, maging Pilipino man o foreign tourist na bisitahin ang Quirino at makita ang kagandahan ng nature at its best.

Wala naman po kaming masyadong restrictions, the usual pa rin po. Nag-ease down na po iyong ating mga restrictions kaya madali na pong pumunta sa lalawigan ng Quirino.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Basta fully—

**GOV. DAKILA CUA:** Basta lang po walang COVID, okay na okay na.

**USEC. IGNACIO:** Basta fully vaccinated, Governor?

**GOV. DAKILA CUA:** Yes. Opo! Definitely, iyong fully vaccinated ay welcome na welcome.

**USEC. IGNACIO:** Ano naman daw po iyong mga programa o proyekto ng League of Provinces of the Philippines na nais ninyo nang pagtuunan ng pansin ngayon?

**GOV. DAKILA CUA:** Ang pinagtutuunan po natin ng pansin ngayon sa League of Provinces [of the Philippines] ay itong devolution of certain functions of the Executive Branch to local governments. Malaking balita po kasi ito para sa mga lokal na pamahalaan, iyong EO 138 ng Pangulong Duterte na nag-aatas ng patuloy na devolution sa mga lokal na pamahalaan. Iyan ang pinakamalaking concern, in my opinion, dito sa ating mga LGUs.

Hindi lang po probinsiya, pati po sa mga cities, municipalities and even barangays. We are trying to study how to further improve devolution in the spirit of decentralization para lalong lumakas po ang ating services sa lokal na pamahalaan para medyo ma-unburden din po ang ating national government.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, kami po ay nagpapasalamat sa pagpapaunlak ninyo sa aming imbitasyon.

Governor Dakila Cua, ang national chairman ng League of Provinces of the Philippines at ang presidente po ng Union of Local Authorities of the Philippines. Mabuhay po kayo, Governor Dax!

**GOV. DAKILA CUA:** Maraming salamat at mabuhay din po kayo, Usec. Rocky!

**USEC. IGNACIO:** Salamat po.

**GOV. DAKILA CUA:** God bless.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, alamin naman natin ang updates sa Balik Probinsiya Bagong Pag-asa Program ng pamahalaan at iba pang programa ng National Housing Authority. Makakasama po natin ang acting Department Manager ng Corporate Planning ng National Housing Authority na si Sir Cromwel Teves at si Atty. Joy Bala, ang head ng Balik Probinsiya Bagong Pag-asa Program, magandang araw po sa inyo.

**CROMWEL TEVES:** Magandang araw po, Usec. Rocky at magandang umaga rin sa mga nanonood.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Atty. Joy, magandang umaga po!

Para po kay Atty. Joy, unahin ko na lang po: Ilan na po ang mga kababayan natin ang benepisyaryo ng Balik Probinsiya Bagong Pag-asa Program sa ngayon?

**ATTY. JOY BALA:** Sa ngayon po, Usec. Rocky, sa kabuuan ay mayroon po tayong 4,214 principals at kung isasama natin ang miyembro ng kani-kanilang pamilya ay we have a total of 15,215 individuals. Ito po ay kombinasyon ng regular na pagpapauwi ng NHA at pagpapauwi din po ng DSWD.

**USEC. IGNACIO:** Pero saang mga probinsiya po umuwi ang ating mga benepisyaryo?

**ATTY. JOY BALA:** Marami na po, Usec. Rocky. We have covered most of the regions. Nakapagpauwi po tayo sa La Union, Ilocos Sur, Isabela. Almost all provinces of Region V, Masbate, Sorsogon, Albay, Camarines Norte nakapagpauwi din po tayo diyan.

Down South, Sultan Kudarat, South Cotabato, Lanao del Norte, Zamboanga del Norte, Agusan, at marami pa pong iba.

Marami pong provinces na na-cover.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, Joy, ilang housing units pa po iyong na-turnover ng NHA sa mga beneficiaries ng Balik Probinsya, Bagong Pag-asa Program?

**ATTY. JOY BALA:** Pagdating po sa housing units, Usec. Rocky, I cannot give the exact number but what I can share with you this morning is the housing project that we have intended for BP2 beneficiaries. We have one in Zamboanga del Norte, and another in Lanao del Norte.

So, ngayon patuloy po ang pagpapagawa ng mga bahay doon at patuloy din po ang qualification process ng mga BP2 beneficiaries na nagnanais mag-avail ng housing benefits mula sa NHA.

Dadaan din pa po kasi sila sa qualification process ng NHA at kung pasado po sila at willing po sila o may kakayanan po sila ay magkakaroon po sila ng housing.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pag-uwi po sa kanilang mga probinsiya, ano po iyong susunod na tulong ng pamahalaan sa mga BP2 beneficiaries?

**ATTY. JOY BALA:** Pag-uwi po sa probinsiya, unang-una, lalo na po iyong may koordinasyon sa mga tatanggap na probinsiya, LGUs, may pauna din pong tulong ang mga LGUs natin. As soon as they arrived in their destination ay mayroon pong binibigay ang mga probinsiya.

Aside from that the members agencies of the BP2 Program like Department of Trade and Industry, Department of Agriculture, ano pa ba? DSWD, may ibinibigay pa rin po pagdating po sa kanila. Ang kinakailangan lang po nila Usec. Rocky, ay ang certificate of eligibility na ibinibigay ng NHA bilang patunay na sila ay beneficiary ng BP2 Program.

**USEC. IGNACIO:** Interesado mag-apply sa BP2 Program, Attorney Joy, paano daw po ang magiging proseso nito?

**ATTY. JOY BALA:** Para po sa mga interesadong mag-apply sa BP2 Program, mayroon po tayong ilang paraan. Puwede po silang tumungo sa website ng Balik Probinsya that is www.balikprobinsya.nha.gov.ph

Ngayon naman kung wala pong access sa internet o kinakailangan po ng tulong para makapag-apply, puwede po silang magtungo sa pinakamalapit na barangay or puwede rin po silang magtungo sa BP2 Depot dito sa Agham Road or sa DSWD offices.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Salamat po, Attorney Joy. Pupunta naman po ako kay Sir Cromwel.

Sir Cromwel, isa po sa mga programa ng NHA ay itong Emergency Housing Assistance Program o EHAP.

Maaari niyo po bang ipaliwanag sa amin kung ano ito?

**CROMWEL TEVES:** Good morning, Usec. Rocky.

Ang Emergency Housing Assistance Program or EHAP is a quick response assistance para sa mga pamilyang nasiraan ng bahay nang dahil sa mga sakuna kagaya ng bagyo, pagbaha, lindol, pagputok ng bulkan, sunog, at iba pa.

Ang bawat pamilya ay makakatanggap ng mula sa P5,000 hanggang P30,000 o 'di kaya ay pagbibigay ng housing construction materials para sa pagsasaayos ng kanilang mga tahanan.

**USEC. IGNACIO:** Pero recently po ay namahagi ang NHA ng financial assistance para sa mga pamilyang naapektuhan ng bagyong Odette.

Ilang pamilya po ang nakinabang dito? Saang lugar po naipamahagi iyong tulong ng NHA, Sir Cromwel.

**CROMWEL TEVES:** Tama po iyon ano. Noong December 16 last year, Usec. Rocky, kung saan tinamaan ng bagyong si Odette ang anim na rehiyon ng Pilipinas kung saan daan-daan pong pamilya ang naapektuhan mula sa MIMAROPA, Western, Central and Eastern Visayas, Northern Mindanao at ang Caraga.

Kaagad pong nagdeklara ng state of calamity si Pangulong Duterte at inatasan ang mga ahensiya ng gobyerno na magbigay ng agarang tulong para sa mga pamilyang ito.

Ang NHA po ay agad na naglaan ng tulong pinansiyal under our EHAP Program sa halagang P487,500,000 to benefit 97,000 families. Ito po ay agad nating ni-release sa mga provincial and local governments noong mga lugar na nasalanta ng bagyong si Odette po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Sir Cromwel, maliban po dito sa mga naapektuhan ng bagyong Odette, ilang pamilyang naapektuhan naman ng iba't ibang sakuna pa po iyong nabigyan rin ng assistance ng NHA nito po sa ilalim ng Emergency Housing Assistance Program, kung mayroon man po?

**CROMWEL TEVES:** Usec. Rocky, mahigit 130,000 na po na pamilya ang nabiyayaan under EHAP kung saan ang karamihan ay biktima ng sakuna kagaya ng sa bagyo at sunog.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mayroon pong housing program ang NHA para naman po sa indigenous people.

Maaari niyo po ba kaming bigyan ng update tungkol dito, sir?

**CROMWEL TEVES:** Opo, Usec. Rocky. Ang housing assistance program for indigenous cultural communities and indigenous people ay naglalayong mapabuti ang living conditions ng ating IP communities through the creation of decent shelter sa pakikipagtulungan ng mga LGUs at ng NCIP.

Mahigit 7,400 kabahayan na po ang naitayo for our IPs under the Duterte administration.

**USEC. IGNACIO:** Sir, papaano po iyong magiging proseso ng isang ordinaryong mamamayan, puwede po ba silang maging qualified dito sa EHAP na ito? Hindi po ba matatagalan daw ioyng proseso nito, Sir Cromwel?

**CROMWEL TEVES:** Ang layunin po, objective po talaga ng EHAP ay quick and immediate response po ano. So, naglalaan po ang NHA ng reserved funding po ano sa ating mga regional offices nang sa gayon kung magkakaroon po ng sakuna gaya ng sunog po ano or mga bagyo kaagad pong nakikipag-ugnayan ang NHA sa local government unit at para po makuha kaagad iyong mga listahan nung mga pamilyang apektado ng sakuna at nang tuluyan nang maibigay iyong financial assistance under our EHAP Program.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Cromwel, sa ngayon po ay patuloy rin iyong ginagawang rehabilitasyon dito sa Marawi City.

Ano na po iyong update dito?

**CROMWEL TEVES:** For our Marawi projects, nakapagtayo na po tayo ng mahigit 4,000 transitory shelters at may dalawa pa tayong permanent housing sites. Iyan po iyong nakikita sa screen, iyong Pamayandeg Ranaw Residences at Dansalan Phases 1 to 4. Around 1,500 po ang itatayong pabahay diyan under the various stages of housing construction na po sa ngayon.

Bukod po sa pabahay, Usec. Rocky, ang NHA ay naatasan din sa pagsasaayos ng ating road infrastructures sa loob ng most affected areas ng Marawi, pagpapatayo rin po ng ating Sarimanok Sports Stadium at ang Marawi Convention Center.

**USEC. IGNACIO:** Sir Cromwel, ano daw pong housing programs pa ang mayroon ang National Housing Authority ngayon?

**CROMWEL TEVES:** Mayroon din po tayong naitalagang programang pabahay para sa mga kapulisan at sundalo. Under the Duterte administration ito ay napalawig pa natin para maisama sa programang ito ang ibang kawani ng gobyerno under the Government Employees Housing Program or GEHP.

If you recall iyong ating mga gold, silver, and bronze medalists ng Tokyo Olympics na sina Hidilyn, Carlo, Nesti at Eumir ay nabigyan din ng mga pabahay na ito sa Zamboanga and Davao City base sa direktiba ng ating Pangulo at bilang pagkilala na rin po sa outstanding achievements na kanilang nagawa.

At nitong nakaraang taon lamang ay inilunsad ng NHA ang programang Tahanan ng Bagong Bayani o OFWs Housing Program.

Ang mga interesadong OFWs ay puwedeng makapamili sa mga available na housing sites under (unclear) at mayroon ding nakaplanong gagawin pang mga housing projects for our OFWs. Ang isa pang housing program ng NHA ay ang Supreme Court Mandamus. Ito ay programang relokasyon para naman sa ating mga informal settler families na naninirahan sa mga waterway tributaries papasok ng Metro Manila para tuluyang mapalinis ang pagdaloy ng tubig papuntang Manila Bay. Sang-ayon po ito sa kautusan o Mandamus ng Supreme Court.

Ang mga river tributaries na ito ay galing sa probinsiya ng Bataan, Bulacan, Pampanga at Tarlac in Central Luzon; at Cavite, Laguna naman at Rizal sa southern part ng Luzon. Mahigit-

kumulang 17,000 units na po ang naitatayo natin 'no, supported with community facilities, socio-economic initiatives and community support programs.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Cromwel, kahit sino po sa inyo ay puwedeng sumagot, at Atty. Joy ano po. Ano daw po ang paghahandang ginagawa ng NHA sa nalalapit na pagpapalit ng administrasyon? Unahin ko po si Atty. Joy. Attorney!

**ATTY. JOY BALA:** Yes, Usec. Rocky. Dito po sa opisina namin ay inihahanda na po kung ano po iyong mga kailangang i-turnover, bagama't hindi pa po namin alam kung sino po ang mamumuno sa ahensiya. Tuluy-tuloy naman po iyong paghahanda kung paano po maililipat sa susunod na administrasyon ang mga proyektong ongoing at mga plano pa po.

**USEC. IGNACIO:** Sir Cromwel, kayo po, anong programa po o proyekto ng NHA ang nais po sana ninyong ipagpatuloy ng susunod na administrasyon, Sir Cromwel?

**CROMWEL TEVES:** Ang NHA po ay patuloy na nagtatayo ng pabahay para sa mga informal settler families na naninirahan sa mga danger areas sa bisa ng Supreme Court Mandamus at patuloy din tayong namamahagi ng tulong sa mga pamilyang natatamaan ng mga large-scale disasters kagaya ng Housing Assistance Program for Calamity Victims and Emergency Housing Assistance Program or EHAP. At higit po sa lahat, nais din po nating ipagpatuloy ang programang pabahay para sa mga kapulisan, sundalo at kasama nating mga other government employees and OFWs.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Hingin ko na lamang po ang inyong mensahe.

Unahin ko na po si Atty. Joy, paalala po sa ating mga kababayan partikular po sa mga nais umuwi sa probinsiya sa ilalim ng BP2 Program. Go ahead po, Atty. Joy.

**ATTY. JOY BALA:** Salamat uli, Usec. Rocky. Bago po ako magbigay ng mensahe sa nais na mag-apply sa ating programa ay nananawagan po ako sa next administration na nawa'y ipagpatuloy ang programang ito, dahil naniniwala po ako na maraming matutulungan nating mga kababayan lalo na dito sa NCR na magkaroon ng bagong buhay sa iba't ibang probinsiya na mapili nilang uwian o mismo sa probinsiya nila.

Para naman po sa mag-aaplay, sa interesado pong maging parte ng Balik Probinsiya Bagong Pag-asa program ay huwag po tayong mawalan ng pag-asa. Aaminin ko po, medyo iyong iba nababagalan, iyong iba nawawalan ng pasensiya dahil sa proseso. Ganoon po talaga, dahil dumadaan po sa beripikasyon, assessment, bago po maging kuwalipikado o bago po maging benepisyaryo.

Pero bagama't mahaba po ang proseso, kung kayo naman po ang maging benipisyaryo ng Balik Probinsya Bagong Pag-asa Program, magkakaroon naman kayo ng pangalawang pagkakataon na magkaroon ng magandang buhay sa probinsiya natin.

Iyon lang po, Usec. Rocky. Maraming salamat.

**USEC. IGNACIO:** Atty. Joy, opo naiintindihan natin iyon, kasi dapat talaga sa kuwalipikadong beneficiaries po talaga mapupunta iyong programa, ano po.

Mensahe naman po ni Sir Cromwel, go ahead po.

**CROMWEL TEVES:** Thank you, Usec. Rocky.

Ang NHA po ay naitalagang sole housing production arm ng ating pamahalaan na may layuning to build a culture of quality na sumasailalim po tayo sa prinsipyo ng BALAI Program. Ang ibig sabihin po ng BALAI is building adequate, livable, affordable and inclusive Filipino communities.

Under the Duterte administration, ang National Housing Authority po ay nakapagtala na ng more than 390,000 and other forms of housing assistance. Tuluy-tuloy po nating ginagampanan ang ating mandato sa pabahay, lalung-lalo na ngayong nasa pandemic pa tayo, at pinapaalalahanan natin ang lahat ng ibayong pag-iingat.

Kung nais pa po ninyong malaman ang iba pang programa ng NHA, maaari po ninyong bisitahin ang aming website. Mayroon din po kaming Facebook page kung saan updated ang programs and activities ng NHA. At mayroon din po tayong mga videos ng ating mga proyekto sa YouTube. I-search lamang po ninyo sa Google o sa Facebook o YouTube iyong National Housing Authority.

Sa ngalan po ng NHA, sa pamumuno ni General Manager Marcelino P. Escalada Jr., at Assistant General Manager Victor C. Balba, Kami po ay lubusang nagpapasalamat sa pag-anyaya sa programang #LagingHandaPH ng PTV 4.

Mabuhay po kayo, Usec. Rocky!

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kami po ay nagpapasalamat din sa pagpapaunlak sa amin.

Salamat po, Sir Cromwel Teves, ang Acting Department Manager ng Corporate Planning Department ng National Housing Authority at kay Atty. Joy Bala, ang head ng Balik Probinsya Bagong Pag-asa Program, stay safe po.

Dumako naman tayo sa mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service. Ihahatid sa atin iyan ni Al Corpuz ng PBS-Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Al Corpuz ng PBS-Radyo Pilipinas.

Bagong pasilidad sa Southern Philippines Medical Center, binuksan na. May report si Jay Lagang ng PTV-Davao:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Davao City, patuloy ang mga hakbang para matiyak ang pagsunod ng mga Davaoeño sa minimum health protocols. May report naman si Julius Pacot ng PTV-Davao:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa ating mga partner agency para sa kanilang suporta sa ating programa, at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

At dito na po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito. Magkita-kita po tayo muli bukas.

Ako po si Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center